

March 13, 2020

Mahal naming mga magulang,

Re: COVID-19 Information Bulletin

Kinikilala namin na ang spring break na ito ay hindi ang pangkaraniwan na inaasahan ng comunidad. Naiintindihan namin na ito ay maaaring maging isang nakakastress na pahanon para sa mga pamilya. Gusto naming tiyakin sa lahat, na ang aming staff ay dedikado na gawin ang makakaya namin sa pagbibigay sa inyong mga anak ng pinakamainam na edukasyon sa isang ligtas na kapaligiran.

Alam namin marami sa inyo ang nagbabalak magbyahe at nais naming ibahagi ang direktiba ayun sa Ministria ng Edukasyon at ng Provincial Health Authority. Ito ay para tulungan kayo at ang inyong mga pamilya na gumawa ng mahahalagang desisyon. Nais naming ipaalala sa inyo na ang impormasyong ito ay patuloy na nagbabago araw-araw. Para sa pinakabagong impormasyon mula sa Distrito, mangyaring bisitahin ang aming webpage [dito](#). Ang webpage na ito ay maaaring ma-access mula sa footer ng website ng Distrito pati na rin sa site ng inyong paaralan.

Mga iba pang nakakatulong na links:

Fraser Health Authority's [website](#)

BC Centre for Disease Control [website](#)

### **Direktiba at mga Panukala ukol sa Byahe mula sa Provincial Health officer**

- **Ang Provincial Health Officer ay nagpapayo laban sa lahat ng di-mahalagang paglalakbay sa labas ng Canada, kasama na ang Estados Unidos. Ang Advisory na ito ay angkop sa pagtawid sa hangganan sa Bellingham, WA**
- **Kung ikaw ay maglalakbay sa labas ng Canada, inirerekomenda ang paghiwalay sa iyong sarili at lumayo sa paaralan at trabaho nang 14 na araw sa iyong pagbabalik.**
- Kung ang anumang sintomas ay lumabas, makipag-ugnayan sa iyong pangunahing tagabigay ng serbisyo sa pampublikong kalusugan or tumawag ng 8-1-1. Sabihin sa pangkalusugang agensya ang tungkol sa mga kamakailan-lamang paglalakbay kung ikaw ay nagkasakit pagkatapos bumalik sa Canada.

### **Paano ko maiwasan ang pagkuha ng impeksyon? (Source: [BC Centre for Disease Control](#))**

Ang pinaka-mahalagang bagay na maaari mong gawin upang maiwasan ang impeksiyon ay hugasan ang iyong mga kamay mayat-maya at iwasan ang paghawak sa iyong mukha. Upang makatulong na mabawasan ang iyong panganib sa impeksiyon:

- Hugasan ang iyong kamay ng madalas gamit ng sabon at tubig sa higit kumulang 20 segundos. Paggamit ng sabon at tubig ang kaisa-isang pinakamabisang paraan sa pagbabawas ng pagkalat ng impeksyon.
- Kung hindi malapit ang lababo, alcohol-based hand rubs (ABHR) ay maaring gamitin upang linisin ang inyong mga kamay basta't itoy hindi kapansin-pansing marumi. Kung itoy halatang marumi, gumamit muna ng wipes at pagkatapos ng ABHR upang epektibong linisin ang mga kamay.

- Huwag hawakan ang iyong mukha, mata, ilong, or bibig pag hindi hugas ang kamay.
- Takpan ang iyong bibig at ilong gamit ng disposable tissue at bumahing or umubo sa iyong siko.
- Regular na linisin at disimpektahin ang mga bagay na madalas hawakan.
- Huwag mamigay ng pagkain, inumin, kagamitan, atbp.

### **Ano ang ginagawa ng Distrito bilang tugon sa isang potensyal na COVID-19 outbreak?**

#### Pandemic Response Plan

Ang Distrito ay nakatuon sa pagbibigay ng ligtas at malusog na kapaligiran para sa lahat ng mga mag-aaral at empleyado. Ang kumbinasyon ng mga panukala ay ginagamit upang mabawasan ang pagkakalantad sa virus. Ang mga pamamaraan sa trabaho ay isinasalugar para makatulong protektahan ang mga estudyante at kawani sa loob ng Distrito. Ang Distrito ay may nakatalaga na Emergency Response Team at nasa lugar ang Pandemic Response Plan.

#### Mga Gusaling pang Paaralan

Patuloy na ginagamit ng aming mga facilities staff ang wastong pamamaraan tulad ng paglilinis at disinfecting upang limitahan ang pagkalat ng impeksyon. Ang mga guro at kawani sa paaralan ay patuloy na nagpapatupad ng wastong pamamaraan sa paghuhugas ng kamay sa mga estudyante. Batay sa direksyon mula sa Provincial Health Officer, ang mga paaralan ay kinansela o ipinagpaliban ang malalaking pagtitipon at kaganapan.

#### Posibleng Pagsara ng mga Paaralan

Kami ay patuloy na sumusunod sa direksyon mula sa Ministria ng Edukasyon at Fraser Health Authorities, at nakakipagugnayan sa kanila panatilihin ang ating mga paaralan. **Ang desisyon na magsara ang mga paaralan ay ginawa ng mga public health officials.** Tulad ng dati, desisyon ng isang magulang ang pagpapasok ng kanilang anak sa paaralan batay sa mga indibidwal na sitwasyon. Kung sa pakiramdam ninyo ay hindi ligtas para sa iyo o sa iyong anak na dumalo sa isang bukas na paaralan para sa anumang dahilan, panatilihin sa bahay ang iyong anak at iulat ang pagliban sa paaralan.

#### Updates

Ang Distrito ay magbabahagi ng kaukulang impormasyon sa mga sakop na paaralan habang ito ay ginawang available. Mangyaring suriin ang mga updates habang at pagkatapos ng Spring Break sa website ng Distrito [dito](#).

**Maari lamang na tiyakin ng mga pamilya na ang kanilang impormasyon sa MyEDBC ay tama and up to date.** Kung kinakailangan, bisitahin ang tanggapan ng iyong paaralan upang gumawa ng mga pagbabago sa lalong madaling panahon bago pa mag Spring Break. Ito ay para na rin matiyak na ang mga pamilya ay makakatanggap ng impormasyon mula sa Distrito sa kaukulang panahon.

Sincerely,

Gord Stewart  
Superintendent of Schools